REPUBLIKA NG PILIPINAS
# PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 •842-6196 •842-4926

**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

## KAPASIYAHAN BILANG 95-236

**KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY NG AKREDITASYON SA MGA SUMUSUNOD NA NON-GOVERNMENTAL ORGANIZATIONS AT PEOPLE'S ORGANIZATION: 1. SAMAHANG KAPIT-BISIG SA VIVO COMPOUND, 2. SAMAHAN NG KABABAIHAN AT KAPATIRAN, INC., 3. PEDERASYON NG SARILING SIKAP NG MGA KABABAIHAN NG LUNGSOD NG MUNTINLUPA INC., 4. PHYSICALLY DISABLED CITIZENS OF MUNTINLUPA, INC., AT 5. SAMAHAN NG MGA NAGMAMAY-ARI NG BAHAY SA SITO SALVACION, INC.**

---

Ipinanukala ni Kgg. Rufino B. Joaquin

---

SAPAGKAT, itinatadhana ng Bagong Kodang Lokal na ang mga Non-Governmental Organizations, People's Organization at pribadong sektor ay may malaking bahagi sa pagbabalangkas ng gawain at programa ng pamahalaang lokal para sa makabuluhang pagsasarili ng mga ito;

SAPAGKAT, upang makamit ang layuning ito nararapat lamang na ang mga Non-Governmental Organizations, People's Organization at pribadong sektor na pumasa sa pamantayang ipinatutupad ng Sangguniang Panlungsod ay mabigyan ng akreditasyon;

SAPAGKAT, ang paghawak o pagiging kasapi ng mga Tanging Lupong Pambayan ay lubhang maselan at kailangan ng dedikasyon ng anumang mapipili sa mga ito;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Panlungsod ay inatasan upang magsagawa ng masusing pag-aaral sa mga kwalipikasyon ng mg nabanggit na samahan at napatunayang ang mga ito ay may sapat na kaangkinan upang mapabilang sa talaan ng mga kwalipikadong samahan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na pagtibayin ang kapasiyahan na nagbibigay ng akreditasyon sa mga sumusunod na Non-Governmental Organizations at People's Organization: a. SAMAHANG KAPIT-BISIG SA VIVO COMPOUND, 2. SAMAHAN NG KABABAIHAN AT KAPATIRAN, INC., 3. PEDERASYON NG SARILING SIKAP NG MGA KABABAIHAN NG LUNGSOD NG MUNTINLUPA INC., 4. PHYSICALLY DISABLED CITIZENS OF MUNTINLUPA, INC., AT 5. SAMAHAN NG MGA NAGMAMAY-ARI NG BAHAY SA SITIO SALVACION, INC. upang makibahagi sa pamahalaang lokal at sa pagsanib sa mga Tanging Lupong Panlungsod (Local Special Bodies);

Pinagtibay ng buong pagkakaisa ng mga Kagawad ng Sangguniang Panlungsod sa kanilang ika-10 regular na sesyon noong ika-11 ng Setyembre 1995 sa Silid Pulungan ng People's Center, Lungsod ng Muntinlupa.

SUMASANG-AYON:

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**



KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. JO JASON T. ALCARAZ
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong Barangay

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

PINATOTOHANAN:

NECITO M. GUICO
Pansamantalang Kalihim
Sangguniang Panlungsod

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punonglungsod